Kita City, Tokyo Metropolis

Impormasyon May Kinalaman sa Bakuna ng COVID-19

Ang bakuna ay ipagkakaloob ng walang anuman babayaran (Sagot ng publiko)

Proseso ng pagbabakuna

1. Alamin ang araw kug kailan ang nakatakdang pagbibigay ng bakuna.
   Uunahin mabigyan ng bakuna ang taong nagtatrabaho sa larangan ng medico, may edad na tao, mga tao na may mga taglay na sakit. Mangyari lamang alamin ang inyong araw at maghintay.

※Mangyari na maghintay sa anunsiyo ng gobyerno. Maari itong makita sa homepage ng Ministry of Health, Labor and Welfare at sa lugar ng konsultasyon kung saan ka nakatira.

※Mangyari lamang na basahin ang kabilagtaran pahina upang malaman ang saklaw na edad at mga naipapailalim na sakit.

※Ang bakuna ay ipagkakaloob ng may pagkakasunod-sunod sa lahat ng may nagnanais na magpabakuna, bagaman maaring magkaroon ng posibleng pagkakaantala. Mangyaring maghintay ng kaunting panahon ng may buong tiwala.

2. Papaano makahahanap ng mga institusyon medikal/ lugar ng pagbabakunahan.
   Sa pamamagitan ng paggamit pampublikong impormasyon o web site ng munisipalidad, maaring maghanap ng tamang institusyong medikal at lugar ng pagbabakunahan.

※ Hindi maaring magreserba ng pagbabakuna sa pamamagitan ng [CORONA WAKUCHIN NAVI] (Pampublikong Web Site para sa COVID-19).

Para sa karagdagan impormasyon, mangyaring sumangguni sa sumusunod na pangkalahatang impormasyon sa web site para sa pagbabakuna [CORONA WAKUCHIN NAVI] : https://v-sys.mhlw.go.jp

※ Kung hindi makakita ng wastong institusyon medikal o lugar ng pagbabakuna, maaari kang humiling sa munisipalidad ng iyong tirahan.

※Maaari lamang makapag bakuna sa lugar na sakop ng munisipalidad (ng

iyong resident card) maliban sa mga naka-ospital o nakapiit sa kulungan. Para sa pagbabakuna sa hindi sakop na lugar ng resident card, mangyaring tignan ang kabaligtaran pahina.
※Mangyaring huwag tumawag ng direkta sa mga institusyon medikal sa Kita City upang magreserba sa pagbabakuna.

3. Papaano magpapareserba at makapag bakuna.
   Mangyaring magreserba sa pamamagitan ng sistema ng pagrereserba o magtanong sa call center.

Mangyaring mag-access sa sistema ng pagrereserba sa pamamagitan ng web site ng Kita City. https://www.city.kita.tokyo.jp/wakuchin.html

Kung nahihirapan mag-access sa sistema, mangyaring tumawag sa Libre 0120-801-222, sa pagitan ng 9:00-17:00 sa pangkarinawan araw.

Mga bagay na dadalhin sa araw ng pagbabakuna

- Ang Kupon na tiket (kalakip nitong impormasyon)
- Dokumentong pagkakakilanlan (Lisensya sa Pagmamaneho, Health Card, atbp)
- Ang papel ng pakikipanayam para sa dalawang beses na pagbabakuna(kalakip nitong impormasyon)
- Bago magpabakuna, mangyaring kunin ang iyong temperatura at kung makita mong mayroon kang lagnat, itigil ang pagbabakuna at kanselahin sa pamamagitan ng sistema o makipag-ugnayan sa call center.
- Pangkaraniwan na ang pagbabakuna ay gagawin sa delthoid na kalamnan ng balikat, mangyari na pumunta na ang suot na damit ay madaling mailalabas ang iyong balikat.
- Ang kupon na tiket na nakapaloob sa impormasyong ito ay binubuo ng (tiket sa dalawang beses na pagbabakuna) at (Sertipiko ng Pagkumpleto ng Bakuna) sa parehong papel. Mangyaring kunin ang kupon nang hindi pinaghiwalay ang bawat isa.

◎ Pagsisimula ng pagbabakuna para sa mga may edad.
Ang iskedyul ng pagbabakuna sa mga may edad ay mas minabuting ibigay muna sa mga matatanda na nasa 65 anyos o higit sa taong 2021 (Ika-3

Reiwa) o mga ipinanganak bago Abril 1, 1957.

◎Mga taong may taglay na sakit.

Para sa mga tao na may taglay na isa o higit pa sa mga sumusunod na sakit o kondisyon na dapat isaalang-alang (posibilidad na magkaroon ng pagbabago sa March 3, 2021).

A. Para sa mga pumupunta sa ospital o na-ospital na mayroon taglay na mga sumusunod na sakit o kondisyon.
   1. Matinding sakit sa paghinga.
   2. Matinding sakit sa puso (kabilang ang sakit na mataas na presyon ng dugo)
   3. Matinding sakit sa bato.
   4. Matinding sakit sa atay(katulad ng Cirrhosis sa atay)
   5. Nagpapagamot gamit ang insulin at umiinom ng gamot na nasa pangangalaga ng doktor o komplikasyon sa diabetes.
   6. Sakit sa dugo (maliban sa sakit na kakulangan sa iron, anemia)
   7. Mga karamdaman na may pinababang immune function (kabilang ang malignant na tumor na nasa ilalin ng pagpapagamot)
   8. Tumatangap ng pagpapagamot na nagpapababa sa immune function, tulad ng steroid.
   9. Mga sakit na neurologic o sakit na neuromuscular na sanhi ng abnormalidad sa immunologic.
   10. Estado na kung saan may kapansanan pisikal sa paggalaw dahil sa sakit na neurological oneuromuscular (mga karamdaman sa paghinga atb).
   11. Mga abnormalidad ng Chromosomal.
   12. Malubhang kapansanan pisikal at pangkaisipan (parehong mayroon matinding kapansanan pisikal at intelektwal)
   13. Sleep apnea syndrome
   14. Malubhang karamdaman sa pag-iisip(kung naipasok ka sa ospital para sa pagpapagamot sa sakit sa pag-iisip at mayroon kang hawak na Health and Welfare Certificate with Mental Disorder, kung saan nakasaad “malubha at tuloy-tuloy”, o mayroon suporta mula sa independent medical care (pasyenteng may karamdaman sa pag-iisip na pinayagan makalabas) kapansanan intelektuwal(kung mayroon kang hawak na notebook para sa pagaalaga).

2. Mga taong napakataba na ayon sa pamantayan (BMI 30 o mas mataas)

※ BMI = Timbang (kg) ÷ Taas (m) ÷ Taas (m)

※Tinantyang BMI 30: Taas 170 cm, bigat 87 kg, taas 160 cm, bigat 77 kg

◎ Tungkol sa pagbabakuna maliban sa rehistradong address

• Ang mga magpapabakuna na kasalukuyan naka ospital o nasa pasilidad ng anuman pagamutan➡ mangyaring kumunsulta sa nararapat na institusyong medikal o pasilidad.

• Para sa mga magpapabakuna sa institusyon medikal na ginagamot dahil sa taglay na sakit➡mangyaring kumunsulta sa nararapat na institusyong medikal.

• Para sa mga naninirahan sa munisipyo na naiiba sa resident card⇒Posibleng magpabakuna sa bagong tirahan. Mangyaring suruin ang "CORONA WAKUCHIN NAVI"(Pampublikong web site para sa COVID-19) o kumunsulta sa munisipalidad ng tirahan.

Kinakailangan ang iyong pahintulot, upang makatanggap ng bakuna. Kung sakali at nagpapagamot ka ng ibang karamdaman o walang kumpiyansa sa iyong kalusugan, mangyaring kumunsulta sa doktor ng pamilya at pagkatapos magpasya kung magpapabakuna o hindi.

Para sa detalyeng impormasyon tungkol sa pagiging epektibo at kaligtasan ng bakuna ng COVID-19 mangyaring sumangguni sa Espesyal na pahina para sa pagbabakuna sa web site ng Opisyal na Titahan ng Punong Ministro.

Url: xxxxxxxxxxx

Kung hindi mo maabot ang web site, mangyaring kumunsulta sa munisipalidad ng iyong tirahan. Ang impormasyon ay maaaring mabago paminsan-minsan.

Call Center para sa Bakuna ng COVID-19, Kita City, Tokyo Metropolis Libre 0120-801-222, sa pagitan ng 9: 00-17: 00 sa pangkaraniwang araw.